


Arts

Unang Markahan – Modyul 4: Pagkilala sa Balanse



Arts – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 4: Pagkilala sa Balanse
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anuman akda ang Pamahalaan ng Pilipinas”. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anuman gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anuman parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anuman paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Judith D. Abridana
Editor :	Marivic O. Arro, Armando Aguillon, Arcel W. Gacasan, Lynneth Baptista, May H. Zarate, Lorinda G. Ponferrada
Tagasuri:	Aidena L. Nuesca, Jennie T. Calamba, Jecson L. Oafallas Christopher B. Vista, Lea C. Manambay, Marlou B. Tamayo
Tagaguhit:	Loureven John L. Drilon
Tagalapat:	Guillesar P. Villarente, Alexis K. Cayamba, Christopher U. Gonzales
Tagapamahala:	Allan G. Farnazo Mary Jeanne B. Aldeguer Analiza C. Almazan Ma. Cielo D. Estrada Jeselyn B. dela Cuesta
	Reynante A. Solitario Janwario E. Yamota Djhoane C. Aguilar Maria Perpetua Angelita G. Suelto Reynaldo C. Deocampo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Arts

Unang Markahan – Modyul 4: Pagkilala sa Balanse

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan ang pagkilala sa larawan tungkol sa balanseng guhit na **landscape**. Maaaring makaguhit ng magagandang tanawin na makikita sa iba't ibang rehiyon ng ating bansa at mabigyang halaga ang mga ito sa pamamagitan ng pagguhit na naka-landscape ang disenyo. Mayroon kang pagkakataong maipagmalaki ang magagandang tanawin na nakatago sa inyong lugar. Ang modyul na ito ay makatutulong upang madaling maunawaan ang larawan na landscape.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. nakakikilala ng **foreground, middle ground, at background** ng **landscape drawing**;
2. nakaguguhit ng landscape na nagpapakita ng balanse; at
3. napapahalagahan ang kagandahan ng landscape sa lalawigan o rehiyon sa pamamagitan ng malikhaing pagguhit (**A3PL-ld**).




Subukin

Nakapasyal ka na ba sa mga magagandang tanawin ng iba't ibang rehiyon sa Pilipinas? Kung wala pa, suriin ang mga larawan at kilalanin ang mga ito.

Panuto: Tukuyin ang mga larawan sa pamamagitan ng pagtatapat-tapat sa hanay A at B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Hanay A




Hanay B

A. Bundok Mayon



B. Chocolate Hills




C. Bundok Apo

Aralin

1

Pagkilala sa Balanse

Ang foreground ay bahagi ng larawan na mukhang nasa harap. Malaki ang pagkaguhit nito upang malapit ito sa mata ng tumitingin.



Kapag ang bahagi ng pagguhit na namamalagi sa pagitan ng foreground at background ito ay tinatawag na middle ground. Ang background naman ay bahagi ng larawan na lilitaw at tila nasa likuran. Maliit ang pagkaguhit nito upang dumistansiya sa tumitingin ng larawan.



Balikan

Panuto: Sabihin kung **Tama** o **Mali** ang sumusunod na konsepto tungkol sa paglinang sa tekstura ng larawan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- ____ 1. Ang visual texture ay tumutukoy sa pang-ibabaw na kaanyuan ng larawan na nagpapamalas ng kapal o nipis sa pamamagitan lamang ng pagtingin dito.

- ___ 2. Ang tekstura ng larawan ay maaaring linangin sa paggamit lamang ng mga kulay.
- ___ 3. Masining na pinag-ekis-ekis ang patayo at pahalang na mga linya sa paggayak ng crosshatching.
- ___ 4. Sa paraang pointillism, ginagamitan ng iba't ibang mga hugis ang pagdidisenyo sa larawan.
- ___ 5. Naipapamalas ang kahusayan sa pagguhit sa pamamamgitan paghalo ng kulay o color blending.



Tuklasin

Ang isang artist na katulad mo ay maaaring maipakita ang bagay na maging malaki o maliit sa pagguhit depende sa paglalagay o posisyon ng foreground, middle ground, at background.

Ang mga bagay sa foreground ay karaniwang malaki dahil nagpapakita sila ng bahaging harap at pinakamalapit sa tumitingin nito habang ang mga bagay sa background ay lumilitaw na maliit para malayo sa tumitingin nito. Ang mga bagay na nasa middle ground naman ay matatagpuan sa pagitan ng background at foreground.






Suriin

Panuto: Suriin ang larawan sa pahinang ito. Tukuyin ang balanse ng landscape kung ito ay foreground, middle ground o background nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.






Pagyamanin

Panuto: Iguhit at kulayan ang larawan. Gamiting gabay ang mga kulay sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

● Kayumanggi - foreground ● Dilaw - middle ground

● Bughaw - background



Isaisip

Laging tandaan ang landscape drawing ay pahiga.

1. Magiging balanse ang guhit kapag may foreground, middle ground at background.
2. Foreground ang pinakamalapit sa tumitingin nito.
3. Middle ground ay nasa pagitan ng foreground at background.
4. Background ang pinakamalayong tingnan sa larawan.



Isagawa

Panuto: Gumuhit ng isang landscape drawing sa iyong sagutang papel at naisaalang-alang ang foreground, middle ground at background.

Gamiting panukatan sa magbibigay ng marka ang mga sumusunod:

5 – Pinakamahusay

2 – Katamtamang husay

4 – Napakahusay

1 – Kailaman paunlarin

3 – Mahusay

Pamantayan	Puntos
Nakikita ang foreground, middle ground at background.	
Maayos ang pagkakulay.	
Malinis ang gawa.	
Kabuuang Puntos: 15	



Tayahin

Panuto: Isulat ang tamang letra sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa guhit na binubuo ng foreground, middle ground, at background?
 - a. Visual na Tekstura
 - b. Landscape Drawing
 - c. Pinta
 - d. Balanse
2. Ito ay malapit sa tumitingin na nakapaloob sa landscape drawing.
 - a. foreground
 - b. middle ground
 - c. background
 - d. guhit
3. Ito ay tawag sa guhit na malayong tingnan at nakapaloob sa landscape drawing.
 - a. foreground
 - b. middle ground
 - c. background
 - d. balanse
4. Ito ay nasa pagitan ng foreground at background ng larawang landscape.
 - a. foreground
 - b. middle ground
 - c. background
 - d. balanse
5. Paano naging balanse ang landscape drawing?
 - a. Binubuo ito ng foreground at background.
 - b. Binubuo ito ng middle ground at landscape drawing.
 - c. Binubuo ito ng middle ground, drawing at landscape.
 - d. Binubuo ito ng background, foreground at middle ground.



Karagdagang Gawain

Gawain A

Sundin ang sumusunod na mga hakbang. Gamiting gabay ang naunang rubrik. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Mga Hakbang:

1. Mag-isip ng magandang tanawin sa inyong lugar o probinsiya. Tiyakin na makikita ang foreground, middle ground at background sa inyong iguguhit na larawan.
2. Kulayan ang iginuhit na larawan.
3. Lagyan ng pamagat ang natapos na Landscape drawing.

Gawain B

Panuto: Suriin ang ginuhit na larawan ng Gawain A.

Iguhit ang masayang mukha (☺) sa iyong sagutang papel kung ang iyong sagot ay **Oo** at malungkot na mukha (☹) kung **Hindi**.

1. Naiguhit ko sa balanse ang landscape.
2. Nakukulayan ko nang maayos ang aking guhit.
3. Nabibigyan ko ng halaga ang magagandangtanawin.
4. Naaayon ang pamagat sa guhit.
5. Nasisiyahan sa gawaing ito.



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <p>1. b 2. a 3. c 4. b 5. d</p> <p>Karagdagang Gawain</p> <p>A. Nababatay ang iskor sa Rubriks. B. Nababatay sa nagawang guhit sa Gawain A.</p>	<p>Sutin</p> <p>1. Background 2. Middle ground 3. Foreground</p> <p>Isagawa</p> <p>Nababatay ang guhit sa rubriks.</p> <p>Pagymamanin</p> 	<p>Subukin</p> <p>1. B 2. C 3. A</p> <p>Balikkan</p> <p>1. Tama 2. Mali 3. Tama 4. Mali 5. Tama</p>
--	--	---

Sanggunian

Amit, Adolfo S. , Canor, Larry, Castro, Benjamin M. , Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C. ,. Montañez, Cynthia T. 2014, 2016, 2017, *Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*, Department of Education- Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc. , 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Amit, Adolfo S. , Canor, Larry, Castro, Benjamin M. , Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C. ,. Montañez, Cynthia T. , 2015, *Music, Art, PE and Health 3 Teacher's Guide*, Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Rex Bookstore, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph